# Tungkol saan ang modyul na ito?

Ano kaya ang mangyayari sa isang lugar/pamayanan na walang puno? Maaaring mainit at di mainam tirhan. Mangilan-ngilan ang ibon sa paligid. Sa modyul na ito higit mong mapahahalagahan ang mga puno. Inaanyayahan ka ng modyul na ito na pagtuunan ng pansin ang pagmamahal sa puno. Narito ang isang tula.

Ako'y puno, sa burol tumubo
Ako'y alagaan, nang pakinabangan
Kayamanan ng pamayanan
Sangga sa hangin
Sa mga baha'y ganoon din
Pagguho ng lupa'y aking pipigilin
Kaya, hala! modyul na ito
Pag-aralan mo.

Nahahati sa tatlong aralin ang modyul na ito.

Aralin 1: Ihahanda Kita Para Ako'y Makinabang

Aralin 2: Aalagaan Kita

Aralin 3: Puno... Bunga Ay Kayamanan

Layunin ng modyul:

1. nabibigyang-halaga ang mga halaman sa pamamagitan ng wastong pag-aalaga ng mga ito;
2. nakabubuo ng mga payak na salita;
3. naiisa-isa ang mga paraan upang higit na pakinabangan ang bunga ng puno.

Aralin 1

# IHAHANDA KITA, PARA AKO'Y MAKINABANG



Ano ang kanilang ginagawa? Bakit kaya?

## Pag-isipan Natin

Mga hakbang sa Paghahanda ng Taniman.

1. 

2. 

3. 

4. 

Ano-ano ang mga hakbang sa paghahanda ng tanim?

Ano-ano na ang paghahandang ginagawa nila?



## Basahin Natin

Kung ako'y magtatanim
Ng puno sa bakuran namin
Malusog na binhi dapat ang pipiliin

pi pi li in

Bago ako magtanim
Ng puno sa bakuran namin
Paligid nito'y aking lilinisin

li li ni sin

## Subukin Natin

Lagyan ng numero ang bawat larawan ayon sa pagkakasunod-sunod.

1.



________

2.



________

3.



________

4.



________



## Isulat Natin

Bakatin sa sagutang papel.

pagbubungkal pagbubungkal

pagsusukat pagsusukat

paglilinis paglilinis

Gayahin sa sagutang papel.

pagbubungkal

pamimili

pagsusukat

paglilinis



## Alamin Natin

A. Pagdugtungin sa pamamagitan ng guhit ang mga salitang nasa Hanay A sa mga larawan na nasa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| nagdadamo<br>nagbubungkal<br>nagsusukat<br>nagtatanim |  |

B. Punan ang mga kahon ng tamang titik ng salita.

1.  nagtatanim, nagtatapon

2.  pinutol, pumili

3.  sukat, tanim

## Tandaan Natin







Ano-ano ang kanilang ginagawa upang mapahalagahan ang kanilang mga tanim?



## Kwentahin Natin

Isulat ang simbolong bilang sa kahon.

1



isa

2



dalawa

3



tatlo

4



apat

## Alamin natin ang iyong natutuhan

A. Isulat sa patlang sa ibaba ng larawan ang gawaing ipinakikita ng tauhan.

1\.



______________________

2\.



______________________

3\.



______________________

4\.



______________________

B. Isulat ang tamang bilang ng larawan.

1.  = ____________

2.  = ____________

3.  = ____________

4.  = ____________

5.  = ____________